KAUTUSAN BLG. 4598

KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ₱2,000.00 UPANG IUKOL SA PAGDIRIWANG SA ARAW NI FRANCISCO BALTAZAR (BALAGTAS) SA ABRIL, 1962 AT SA "LINGGO NG WIKA" SA AGOSTO, 1962.

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Maynila, na:

ALITUNTUNIN 1. Ang halagang ₱2,000.00, o anumang bahagi nito na kakailanganin, ay ilalalaan mula sa kabang pangkalahatan ng Lunsod ng Maynila na hindi pa nailalaan sa ano pa mang bagay, upang iukol sa pagdiriwang sa araw ni Francisco Baltazar (Balagtas) sa Abril, 1962 at sa "Linggo ng Wika" sa Agosto, 1962.

ALIT. 2. Ang panukalang ito ay magkakabisa sa araw ng pagpapatibay.

Pinasiya ng Batasang Bayan ng Maynila ngayong ika-15 ng Agosto, 1962.

Pinagtibay ng Punong-Lunsod ngayong ika- 5 ng Setyembre, 1962.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Punong Lunsod
Maynila

HERMINIO A. ASTORGA
Pansamantalang Pangalawang Punong Lunsod at
Tagapangulo, Batasang Bayan

PINATUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Punong Lunsod

IRENEO KOMOSENG
Kalihim, Batasang Bayan